
Inihahandog ng

Bibliya Para sa mga Bata

# Nakikita ni Isaias ang Hinaharap




Isinulat ni: Edward Hughes
Inilarawan ni: Jonathan Hay; Alastair P.
Ibinagay ni: Mary-Anne S.
Isinalin ni: Christine Cornejo
Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org


BFC
PO Box 3
Winnipeg, MB R3C 2G1
Canada

©2026 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag,
ngunit hindi maaaring ipagbili.


Si Isaias ay isang propeta. Ang kanyang gawain ay iparating sa mga tao kung ano ang sinasabi ng Diyos.




Ang mga tao ay hindi laging nais na marinig ang Salita ng Diyos, ngunit si Isaias ay hindi kailanman binigo ang Diyos. Siya ay nangaral sa panahon ng apat na iba't ibang hari.




Naghari si Uzias sa lupain ng Judah mula sa lungsod ng Jerusalem. Sa simula, siya ay pinagpala dahil ang kanyang mga gawa ay kanais-nais sa paningin ng Diyos. Ngunit si Uzias ay naging mapagmataas at hindi na sumunod sa Diyos. Kaya't siya ay nagkaroon ng ketong at namuhay mag-isa hanggang sa siya ay namatay.




Naghari si Uzias ng higit sa 60 na taon. Nang siya ay namatay, pumalit ang kanyang anak na si Jotam, na siya namang naghari ng 17 na taon. Pinagpala ng Diyos si Jotam dahil siya ay nakinig sa sinasabi ng Diyos sa pamamagitan ni Isaias at ng ibang propeta.



Ang anak ni Jotam ay si Ahaz. Si Ahaz ay 20 taong gulang ng naging hari. Siya ay namuno ng 16 na taon sa Jerusalem. Hindi nagmahal si Ahaz sa Diyos. Siya ay sumamba sa mga idolo at mga maling diyos, at hinikayat niya ang mga tao na gawin din ito. Kahit na siya ay binababalaan ni Isaias, hindi nakinig si Ahaz. Kaya't siya ay namatay ng 35 gulang pa lang.






Pinagpala ng Diyos ang sumunod na hari, si Hezekias, dahil inalis niya ang lahat ng mga idolo at maling diyos. Siya rin ay nanalangin sa tunay na Diyos. Nang lumusob ang kalaban sa Judah, alam ni Hezekias na mahina ang kanyang hukbo upang magtagumpay. Hiniling niya kay Isaias na manalangin ng tulong sa Diyos.

Ang mensaheng pinadala ni Isaias sa Hari. "Ito ang sabi ng Panginoon: Huwag kang matakot sa kaaway... hindi ko sila pagtatagumpayin..." Pagkatapos, ang Diyos ay kumilos upang ang hukbo ng kalaban ay umalis ng hindi man lang lumaban kay Hezekias.




Ang Diyos ay palaging nasa isip ni Isaias, bagaman ang mga tao sa paligid niyaay hindi iniisip ang Diyos.



Isang araw, nagkaroon si Isaias ng pangitainparang panaginip ngunit gising. Sa pangitain, nakita ni Isaias kung gaano kalualhati at kabanal ang Diyos.

“Sino ang aking ipadadala?” ang tanong ng Diyos sa pangitain. “Narito po ako. Ako ang inyong isugo!” ang sagot ni Isaias. Siya ay handang gawin kung anong hilingin ng Diyos, at handang tumungo kung saan siya ipadala ng Diyos.






Maaring inisip ni Isaias na siya ay patutunguhin ng Diyos sa napakalayong lugar kung saan hindi pa naririnig ang tungkol sa Diyos. Ngunit hindi. Sinabi ng Diyos kay Isaias na mangusap sa mga tao sa kanyang bansa.



Sabihin niya ng galit ang Diyos sa kanilang mga kas-alanan.


May mga iba pang mga bagay na nilahad ni Isaias sa mga tao - mga kahanga-hangang bagay tungkol sa isang Tao na magiging tagapagligtas na darating upang sakupin ang kanilang mga kasalanan at ang kanilang mga kaaway.




Tinatawag ng mga Hudyo ang Taong ito na “Mesias”. Ngunit kahit na inaasahan nila ang Mesias, maraming mga tao ang nabuhay nang parang walang darating na Mesias.



Lahat ng mga bagay na nilahad ni Isaias tungkol sa Mesias ay nakasulat sa kanyang libro. Kahit na ito ay nasulat ng daan-daang taon bago nangyari, lahat nang kanyang nasabi ay natupad.




Sinabi ni Isaias na ang Diyos mismo ang magbibigay ng tanda. Sabi niya, "Maglilihi



ang isang dalaga at magsisilang ng isang sanggol na lalaki at tatawagin sa pangalang Emmanuel." Alam ng mga tao na ang tinutukoy ni Isaias ay ang Mesias sapagkat ang isang dalaga ay hindi maaaring magka-anak.




At ang ibig sabihin ng Emmanuel ay "Kasama natin ang Diyos".



"Sapagkat isinilang ang isang sanggol na lalaki para sa atin; ibibigay sa kanya ang pamamahala. Siya ay tatawaging Kahanga-hangang Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama, Prinsipe ng Kapayapaan." Sigurado si Isaias na ang mga pangako ng Diyos ay magtutupad; siya ay naglahad na parang ang mga pangyayari ay naganap na. Ito ang tinatawag ng propesiya.

Sinabi ni Isaias na ang Mesias ay magiging dakila at gagawa ng mga bagay na dakila. Sinabi din ng Diyos sa pamamagitan ni Isaias na ang Mesias ay magdurusa at ilalagay sa kamatayan.



Maaring nagtaka si Isaias kung paano magiging dakila at makapangyarihan ang isang Mesias at gayunpamay mahina at sugatan. Ngunit hindi tumutol si Isaias sa Diyos, at kanya lamang inulit ang mga bagay na pinapasabi ng Diyos sa kanya.  At tiniyak ng Diyos na ang propesiya ay matutupad.



Ang Mesias ay darating, at hindi lamang para sa mga Hudyo. Sinabi ng Diyos kay Isaias na ang Mesias ay magiging “Ilaw sa mga Hentil”. Ang Hentil ay ang tao sa mundo na hindi Hudyo. Mahal ng Diyos ang lahat at ang Mesias ay darating upang pagpalain ang lahat at bigyan ng kaligtasan ang buong sanlibutan.



# Nakikita ni Isaias ang Hinaharap

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Isaias 1, 6, 7, 9, 53

“Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag.” Mga Awit 119:130

# Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

“Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen.”

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16